



Bayan ng Kawaguchi Paraan ng Paghihiwa-hiwalay at Pagtatapon ng basura

Tagalog (タガログ語)

Patakaran

Mayroong dalawang uri ng istasyon ng basura, ang isang istasyon ay para sa mga karaniwang basura habang ang isa naman ay para sa mga basurang maaring i-recycle. Paghiwa-hiwalayin nang husay ang mga basura at dalhin ang mga ito sa tapunan sa takdang araw ng koleksyon, bandang 8:30 ng umaga. Ang mga basura ay hindi kokolektahin kung hindi susundin ang patakaran. Magtanong sa inyong mga kapitbahay tungkol sa lugar ng tapunan at araw ng koleksyon o kung kailangan ninyo ang serbisyo ng Waste Management Division (Waste pagbawi Division : TEL 048-251-1174) (Waste Management Division : TEL 048-228-5370)
#Kung kailangang tumawag sa aming opisina, magpatawag sa isang taong nakakapagsalita at nakakaunawa ng wikang Hapon.

▼Istasyon para sa karaniwang basura		資源物ステーション	
一般ごみステーション	毎週	びん 飲料かん	第○ 第△
有害ごみ	曜日	ボトル類	第○ 第△
プラスチック製 容器包装	毎週	類	第○ 第△
	水	曜日	曜日
川口市環境部		川口市環境部	

▲Istasyon para sa mga basurang maaring i-recycle

Istasyon para sa karaniwang basura

Karaniwang basura



Dalawang beses sa isang linggo
tuwing _____ (linggo)
transparent o kulay puting semi-transparent na supot
Basura, sapatos

Ang mga basurang babasagin o basag na ay ibalot sa papel bago ito ilagay sa isang at sulatan ng “われもの” bago ito ilabas

Mapaminsalang basura



Dalawang beses sa isang linggo
tuwing _____ (linggo)
Transparent na supot
Ang mga basurang fluorescent light, mercury thermometer, at iba pa,
Ay ilagay sa tamang supot na may nakasulat na “有害ごみ” at siguruhin na hindi ito mapasama sa ibang basura.

Mga lalagan at pambalot na yari sa plastik



Isang beses sa isang linggo
tuwing **Miyerkules**
Transparent na supot
Ilabas ang may marka ng plastik.

Dry battery

Ilagay ang mga ito sa isang kahon na sadyang para sa mga ganitong uri ng basura na matatagpuan sa opisina ng lokal na pamahalaan, sangay ng opisina, at mga pampublikong bulwagan (alisin amng mga ito sa lalagan).

Istasyon para sa mga basurang maaring i-recycle

Dalawang beses sa isang buwan
#Ang araw ng koleksyon ay iba't-iba depende sa uri ng bagay na itatapon.
Transparent na supot (ang mga papel ay pagsama-samahin at itali.)

Ayusin at pagsama-samahin nang maayos ang mga basurang maaring i-recycle.

ika[] at ika[] ng (linggo)

Bote

Mga babasaging bote na pinaglagayan ng alak, inumin, at pampalasa ng pagkain

Hugasan at linisin ang loob ng mga ito.

Latang lalagan ng inumin

Latang pinaglagayan ng juice at alak



Hugasan at linisin ang loob ng mga ito.

ika[] at ika[] ng (linggo)

PET-bottle

Bote ng inumin at alak na yari sa plastik



Alisin ang takip at etiketa.

Mga tela

Mga gamit na damit at kumot

Kung umuulan sa takdang araw ng koleksyon, ilabas ang mga ito sa susunod na araw.

ika[] at ika[] ng (linggo)

Mga bakal

Mga latang pinaglagayan ng pagkain, spray can, kawali, at iba pa

Balutin ng papel at tela ang mga kutsilyo bago ito itapon.

Mga papel

Diyaryo, magasin, tisyu, karton, kahon na yari sa karton, mga pambalot na yari sa papel

Kung umuulan sa takdang araw ng koleksyon, ilabas ang mga ito sa susunod na araw.

Alamin ang araw ng koleksyon sa pamamagitan ng application at punan ito!

Tungkol sa application para sa gabay sa pag-uuri ng basura

- Maari ninyong hanapin ang araw ng koleksyon ng basura sa bahay para sa bawat adres.
- Maari ninyong hanapin kung paano dapat paghiwa-hiwalayin at paano itapon ang bawat aytem ng basura.
- Maari kayong magbasa ng mga balita tungkol sa basura, koleksyon ng mga basurang maaring i-recycle sa lungsod ng Kawaguchi.

*Ang bayad para sa paggamit o communication fee ay babayaran ng taong gumagamit. Kung ito ay gagamitin, mangyari lamang na i-access ang URL sa kanan o gumamit ng mobile phone na may QR code function para basahin ang QR code.

QR code



URL

<http://kawaguchi-gomimaru.jp>

! Ingat !

Paraan ng pagtatapon ng malalaking basura

Ang mga basurang may sukat na 40cm o mahigit pa ay itinuturing na malalaking basura. Huwag ilagay ang mga ito sa mga istasyon ng basura. Mangyari lamang na sumangguni sa likurang bahagi para sa impormasyon kung paano magtapon ng malalaking basura.

Paraan ng pagtatapon ng malalaking basura

Mangyari lamang na personal na dalhin ang basura sa pasilidad na nangongolekta ng basura sa inyong lungsod o kaya naman ay mag-aplay para sa door-to-door na koleksyon ng basura sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa Internet (May bayad: nagsisimula sa 310 yen).

● Aplikasyon sa pamamagitan ng telepono : TEL 048-251-1111

Oras ng pagtanggap : Lunes~Biyernes Mula alas nuwebe ng umaga hanggang alas singko ng hapon (walang serbisyo sa araw ng bakasyon at bagong taon)

#Kung kailangang tumawag sa aming opisina, magpatawag sa isang taong nakakapagsalita at nakakaunawa ng wikang Hapon.

● Aplikasyon sa pamamagitan ng Internet : URL <https://eco.city.kawaguchi.lg.jp/sodai/information.htm>

#Ang website ay nasusulat sa wikang Hapon, kaya't magpatulong sa isang taong nakakabasa at nakakasulat ng wikang Hapon.

● Personal na pagdadala : Tozuka environment center o Hatogaya sanitary center


Oras ng pagtanggap : Lunes~Biyernes Mula alas nuwebe ng umaga hanggang alas onse ng umaga/mula ala una ng hapon hanggang alas kuwatro ng hapon

#Magdala ng dokumento na magpapatunay na kayo ay naninirahan sa bayan ng Kawaguchi.

Mga bagay na hindi kinokolekta at tinatanggap ng lungsod

Ang mga sumusunod ay hindi maaring itapon bilang karaniwang basura, basurang maaring i-recycle, at malaking basura.

1. Mga bagay na mapaminsala at mga bagay na may masangsang na amoy
(Halimbawa : cylindrical kinds, uri ng petrolyo, petroleum kinds at mga kemikal)
2. Sasakyan, mga bahagi at gulong ng sasakyan, motorsiklo, mga bahagi at gulong ng motorsiklo, at iba pa
3. Mga bagay na maaring makasira o makapinsala sa operasyon ng mga pasilidad ng tapunan
(Halimbawa : fire extinguisher, fire-proof safe, bloke at piano)
4. Lumang gamit mula sa pagbabago ng bahay, tulad ng mga pintuan
5. Mga basura ng ospital na maaring makahawa
6. Mga basura mula sa mga pabrika, at iba pa
7. Mga pangunahing gamit sa negosyo
(Halimbawa : Freezer, eskaparate ng ice cream, photocopy machine.)
8. Mga espesipikong kagamitan sa bahay
(Sumangguni sa ibabang bahagi para sa tamang pagtatapon ng mga ito.)
9. Personal computer #Mag-aplay sa kumpanyang gumagawa o nagbebenta ng mga ito para sa koleksyon.



Tungkol sa mga aytem na nasasakop ng Electric Appliance Recycling Law


Ang mga ito ay hindi kinokolekta sa bayan ng Kawaguchi. Sumangguni sa ibaba para sa tamang pamaraan ng pagtatapon ng mga ito.

1. Makipag-ugnayan sa tindahan kung saan ito binili o sa mga tindahan kung saan ito puwedeng palitan.
2. Makipag-ugnayan sa lisensyadong kontratista na nangongolekta ng non-industrial waste sa bayan ng Kawaguchi para sa kahilingan para sa koleksyon ng mga de-kuryenteng kagamitan sa bahay.
3. Dalhin ang mga ito sa itinakdang lugar na maaring pagbalikan nito.

*Kailangan magbayad para sa pagre-recycle, koleksyon, at pagpapadala nito.

**Makipag-ugnayan sa Waste Management Division para sa mga detalye. (TEL 048-228-5370)

***Kung kailangang tumawag sa aming opisina, magpatawag sa isang taong nakakapagsalita at nakakaunawa ng wikang Hapon.



Mga target na de-kuryenteng kagamitan sa bahay (Hindi ito maaring itapon sa lungsod.)

Telebisyon (cathode-ray tube system, liquid crystal system at plasma system), de-kuryenteng refrigerator, de-kuryenteng freezer, de-kuryenteng washing machine, air conditioner at patuyuan ng damit